élections Québec

MANWAL NG MGA BOTANTE

IPINAPAALAM SA INYO NG PUNONG OPISYAL NG HALALAN NG QUÉBEC ANG TUNGKOL SA INYONG MGA KARAPATAN.

MAAARI BA KAYONG BUMOTO?

Upang makaboto, kailangan kayong maisali sa listahan ng boboto at tuparin ang mga sumusunod na kundisyon sa araw ng paghahalal:

- maging 18 taong gulang o higit pa;
- maging mamamayan ng Canada; at
- nanirahan sa Québec sa nakalipas na anim na buwan.

NAKASALI BA ANG INYONG PANGALAN SA LISTAHAN NG BOBOTO?

Matitiyak ninyo ito sa pamamagitan ng pagkunsulta sa notipikasyon na inyong natanggap sa inyong tahanan.

PAANO NINYO ISASALI ANG INYONG PANGALAN SA LISTAHAN NG BOBOTO?

Kailangan ninyong pumunta sa opisina ng pagbabago *(revision office)* upang maghain ng aplikasyon ng pagsali o pagtatama sa listahan ng boboto. Ang isang kamag-anak, ang inyong asawa o isang kasambahay ay maaaring maghain ng aplikasyon para sa inyo.

Kailangan ninyong magpakita ng dalawang dokumento ng identipikasyon kasama ng inyong aplikasyon; kung hindi, ito ay di-tatanggapin.

Unang Dokumento

Ang una ay dapat magpakita ng inyong pangalan at ang petsa ng inyong kapanganakan.

Mga Halimbawa: Sertipiko ng pagkapanganak, health insurance card ng Québec, pasaporte ng Canada.

Pangalawang Dokumento

Ang pangalawa ay kinakailangang magpakita ng inyong pangalan at ang inyong tirahan.

Mga Halimbawa: Lisensiya sa pagmamaneho ng Québec, bill ng telepono o kuryente.

SAAN MATATAGPUAN ANG OPISINA NG PAGBABAGO *(REVISION OFFICE)*?

Ang kinaroroonan ng inyong opisina ng pagbabago at ang mga araw at oras na ito ay bukas at makikita sa notipikasyon na natanggap ninyo sa inyong tahanan.

KARAGDAGANG PAGKAANTALA

Kung nais ninyong mag-aplay para sa pagsali o gumawa ng pagsasaayos sa listahan ng boboto matapos ang panahon ng pagbabago, kailangan ninyong makipagalam sa opisina ng inyong nagbabalik na opisyal *(returning officer)*. Ipapaalam sa inyo ang tungkol sa isang natatanging panahon ng pagbabago at ang kinaroroonan kung saan ito magaganap. Sa loob ng panahong ito, **ang mismong boboto lamang** ang makakapagsumite ng aplikasyon.

MAHALAGA! Ang inyong pagiging bahagi sa listahang elektoral na ginawa sa espesyal na pagbabago ay hindi naggagawad ng karapatan na bumoto sa maagang paghahalal, ngunit sa mga araw ng botohan lamang sa nagbabalik na tanggapan *(returning office)* sa araw ng halalan.

KAILAN AT SAAN BOBOTO?

Ilang araw bago ang botohan, ikaw ay makakatanggap ng card sa pagpapaalaala na naglalaman ng lahat ng impormasyong kailangan upang bumoto sa araw ng eleksyon. Makikita mo rin ang mga pangalan ng mga kandidatong tumatakbo sa iyong dibisyong pang-eleksyon.

HINDI KA BA MAKAKABOTO SA ARAW NG ELEKSYON? MAY IBANG ALTERNATIBO PARA SA IYO!

- Maaari kang bumoto sa mga presintong nagpapaboto nang maaga. Tingnang muli ang abisong pinadala sa iyong tahanan upang malaman ang address, mga araw at mga oras ng pagbubukas ng presintong nagpapaboto nang maaga.
- Maaari kang bumoto sa opisina ng returning officer o sa isa sa mga nakatalagang opisina sa mga araw na itinalaga para sa layuning ito. Dagdagan ang nalalaman mula sa returning officer o tingnan ang aming website para mahanap ang opisina na itinalaga para sa iyo.
- Kung ikaw ay pansamantalagang nakatira sa isang dibisyong pang-eleksyon maliban sa dibisyong pang-eleksyon sumasakop sa iyong tirahan, maaari kang bumot sa opisina ng returning officer sa dibisyong pang-eleksyon na ito sa mga araw na itinalaga para sa layuning ito. Ikaw ay boboto para sa isang kandidatong mula sa dibisyong pang-eleksyon na sumasakop sa iyong tirahan.
- Itatalaga rin ang mga presinto sa karamihan ng mga unibersidad at mga kolehiyo.

PAPAANONG BUMOTO?

Unang Hakbang	Ang isang opisyal ng eleksyon ay magsisiyasat ng inyong pagkasali sa listahan ng boboto.
Pangalawang Hakbang	Ipapakilala ninyo ang inyong sarili at magpapakita ng isang ID.
Pangatlong Hakbang	Kayo ay bibigyan ng papel na balota.
Pangapat na Hakbang	Pumunta kayo sa kubol tanghalan kung saan kayo makapipili ng lihim. Mamarkahan ninyo ang papel na balota sa isa lamang sa mga bilog sa pamamagitan lamang ng lapis na ibibigay sa inyo ng kinatawan na nagbabalik na opisyal *(deputy returning officer)*.
Panlimang Hakbang	Bumalik sa lamesa matapos bumoto.
Panganim na Hakbang	Kayo mismo ang magdeposito ng inyong papel na balota sa kahong pangbalota.

MAHALAGA! Upang makaboto, kailangan ninyong mapatunayan ang inyong pagkatao sa pamamagitan ng pagpapakita ng isa sa mga sumusunod na dokumento:

- Health insurance card ng Québec;
- Lisensiya sa pagmamaneho sa Québec;
- Pasaporte ng Canada;
- sertipiko ng katayuan bilang taga-India;
- Identification card ng Canadian Forces.

MAYROON BANG IBANG PARAAN UPANG MAIPATUPAD ANG IYONG KARAPATAN SA PAGBOTO?

Oo, may ibang natatanging paraang nakatalaga para sa mga taong:

- pansamantalang wala sa Québec;
- hindi makaalis sa kanilang tahanan dahil sa kalusugan at ang kanilang caregiver ay nakatira sa parehong address;
- nasa o nakatira sa isang ospital, isang pangmatagalng pabahay o sentro sa pag-aalaga, isang sentro para sa rehabilitasyon, o ilang mga tirahan para sa mga nakakatanda.

Mayroon ka bang mga kilalang nasa isa sa mga ganitong sitwasyon?

Ipaalam sa kanila kaagad, dahil ang mga aplikasyon sa pagpaparehistro ay dapat mantanggap nang maaga sa panahon ng botohan.

MAYROON BANG MGA KATANUNGAN?

- Kumunsulta sa Web site ng Pinunong Opisyal Elektoral *(Chief Electoral Officer)*: **www.elections.quebec**.
- Makipagalam sa Pinunong Opisyal Elektoral *(Chief Electoral Officer)* sa pamamagitan ng pagtawag sa sumusunod na libreng numero: **1 888 ELECTION (1 888 353-2846)**.
- Mag E-mail sa Pinunong Opisyal Elektoral *(Chief Electoral Officer)*: **info@electionsquebec.qc.ca**.